BAGONG LIWANAG
NG KAHARIAN

Pagaaral - 9

PAGHAHANDA SA PAMAMAHALA

PAUNANG SALITA

Matapos maligtas ang isang tao (pinatawad, isinilang na muli, binigyan ng buhay-na-walang-hanggan at bagong espirito), maari nang pasimulan ng Dios ang gawaing pagbabalik niya sa talagang layunin ng Panginoon para sa sangkatauhan. Ngayong ayos na ang kanyang katayuan sa ilalim ng batas – siya'y itinuring na maharlikang anak ng Dios – maari na siyang magpatuloy sa kasunod na hakbang pang siya'y sanayin at ihanda sa pamamahala. Kahit na malayo pa siya sa kasakdalan ni Cristo, ang kanyang paghahanda at paglago ay sinimulan na ng Espirito. Magpapatuloy lamang ang gawaing ito sa loob ng panatag na kalikasan ng kaharian ng Dios. Hindi maaring mangyari ito sa labas ng kaharian.

Ang mga makasalanang tao ay hindi lamang iniligtas ng Dios upang sila'y makaiwas sa apoy ng impiyerno, kundi upang maganap ang higit na dakilang layunin ng Dios. Sila'y iniligtas upang sila'y maibalik sa pasimulang layunin at panukala ng Dios sa Kanyang paglalang kay Adan. Ang mga tao na bagong isinilang na muli ay tinawag na sumunod kay Cristo at maging mga alagad Niya. Ang ating kaligtasan ay kaloob ng Dios na walang bayad, ngunit ang pagiging alagad ni Jesus ay nangangailangan ng pagugugol ng ating lahat na ari-arian at buong buhay.

BARKADA

Matapos batiin ang mga kaanib ng grupo, ipasagot sa bawat isa ang tanong na ito:

Sa akala mo, ano ang talagang layunin ng Dios sa Kanyang pagliligtas ng tao?

ALAM KO NGAYON

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at bilugan ang inyong sagot (S-Segurado, H-Hindi, M-Medyo).

1. Ayon sa aking kakayahan, hindi ko kayang sundin ang mga utos at mga turo ni Jesus. **S H M**
2. Malayong-malayo pa ako sa pagiging katulad ni Cristo sa aking pang-araw-araw na pamumuhay. **S H M**
3. Naniniwala ako na mayroon akong pananampalataya na magbubunga ng mga gawaing pagibig. **S H M**
4. Naniniwala ako na pinanukala ng Dios na ako'y mamuhay na mayroong mababuting mga gawa sa buhay ko dito sa lupa at sa buhay-na-walang-hanggan. **S H M**
5. Naniniwala ako na ang itinakdang buhay ng Dios para sa akin ay maging katulad ako ni Jesus. **S H M**

LIWANAGIN

Ang bawat anak na isinilang sa hari o reyna ng Inglaterra ay isinilang na kabilang na sa maharlikang pamilya. Ngunit bago pa sila maaring mamahala sa bansa, kailangan muna silang ihanda at sanayin ng mahabang panahon. Hindi sila sinasanay upang sila'y maging mga prinsipe o mga prinsesa; sila'y isinilang nang mga prinsipe at mga prinsesa. Sila'y sinasanay upang sila'y maging mahusay sa kanilang pamamahala sa kanilang bansa. Ang paghahanda ng mga anak ng hari ay mahirap, matagal, at hindi maginhawa. Walang madaling paraan sa paghahanda ng mga taong itinakdang mamahala.

Ang sinomang tawagin ni Cristo na maging alagad Niya ay inaanyayahan na pumasok sa buhay ng paglago, paghahanda, pagsasanay sa darating na malualhating gawain dito sa lupa at sa darating na walang-hanggang buhay.

Ano ang layunin ng ating pagiging alagad ni Jesus? Ano ang kailangan upang tayo'y maging taimtimang tagasunod ni Cristo?

<u>TANONG-1</u>: Ano ang ultimong layunin ng Dios para sa mga nanampalataya kay Jesus?

BABASAHIN-1
Taga Roma 8:29

PAGUSAPAN: *Ano ang itinalaga ng Dios para sa mga anak?*

BABASAHIN-2
Daniel 7:18

Pahayag 22:1-5

PALIWANAG: *Itinuturo ng Biblia na darating ang panahon na ang bayan ng Dios ay kasama Niyang maghahari na walang-hanggan.*

LIWANAG-1: BILANG _____ NI CRISTO, ITINALAGA NG DIOS NA WALANG-HANGGAN AKONG _____ NA KASAMA NIYA.

TANONG-2: Ano ang iniutos ni Cristo sa Kanyang mga alagad?

BABASAHIN-3
Marcos 16:15-16

Mateo 28:19-20

LIWANAG-2: INUTOS NI CRISTO SA KANYANG MGA ALAGAD NA _____ ANG _____ _____ NG KAHARIAN AT . . .

1. _____ ang bawat manampalataya kay Jesus.
2. Gawin din silang mga _____ ni Cristo.

TANONG-3: Bakit kailangang bautismuhan ang mga nananampalataya kay Jesus?

BABASAHIN-4
Mateo 3:13-16

PAGUSAPAN: *Paano nabautismuhan si Jesus? Bakit Siya binautismuhan?*

PAGISIPAN: *Si Jesus ay inilubog sa ilalim ng tubig (umahon Siya matapos mabautismuhan). Ang kahulugan ng salitang Griego ng "bautismo" ("baptizo") ay ilubog o ipailalim. Kaya nga, ang pagbabautismo sa panahon ni Jesus ay inilulubog ang tao sa ilalim ng tubig.*

Sa simula ay ayaw bautismuhan ni Juan Bautista si Jesus dahil ang mga taong makasalanan lamang ang kailangang bautismuhan sa kanilang pagsisisi. Alam niya na walang sala si Jesus at hindi nito kailangan pang magsisi. Ngunit nagpumilit si Jesus na Siya ay bautismuhan sa oras na yaon.

Mayroong tatlong mga dahilan kung bakit nagpabautismo si Jesus:

(1) Upang maging halimbawa Siya para sa mga taong ibig sumunod sa Kanya.
(2) Upang ipakita ang tanda ng Kanyang ministerio (mamatay, malibing, at mabuhay na muli sa ikatlong-araw) na sisimulan Niya.
(3) Upang ipahayag sa madla ang simula ng Kanyang gawain ng pagliligtas.

Ipinakita ni Jesus sa pamamagitan ng Kanyang halimbawa na mahalaga ang pagbabautismo sa mga alagad Niya.

Taga Roma 6:3-4

PALIWANAG: *Ang pagbabautismo ay isang mahalagang tanda ng ating pagtanggap ng kamatayan, paglilibing, at pagbangon sa pagkabuhay na muli ni Cristo. Bale wala ang pagbabautismo sa tao kung hindi niya nauunawaan na ang kanyang kaligtasan ay batay lamang sa naganap na gawain ni Jesus. Kung hindi naniniwala siya sa pagliligtas ni Cristo sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Dios, walang kabuluhan ang pagbautismo sa kanya.*

Ngunit ang pagbabautismo ay hindi lamang isang simbulo ng ating pananampalataya kay Jesus. Ang ating pagbaustismo ay inilalarawan ang ating paglipat buhat sa lumang buhay patungo sa panibagong pamumuhay.

Mga Gawa 2:41

PALIWANAG: *Ang mga nanampalataya kay Cristo ay binautismuhan at isinali sa iglesia upang sila'y maitalaga sa pagiisang-buhay ng mga kaanib at sa kanilang paglago at paglilingkod. Katulad din ng pagbabautismo kay Jesus nang Siya'y nagsimula ng Kanyang ministeryo, tayo din ay binautismuhan upang ating simulan ang paglago at paglilingkod sa iglesia.*

LIWANAG-3: KAILANGANG _____ ANG MGA NANANAMPALATAYA KAY CRISTO DAHIL:

1. Sa _____ ni Jesus nang Siya'y binautismuhan sa simula ng Kanyang ministeryo.
2. Ang pagbabautismo ko ay _____ ng aking pagkaisa kay Cristo at sa aking _____ dahil sa Kanyang:
   Kamatayan - _____ Niya ako sa pagka-alipin sa kasalanan.
   Pagkalibing - _____ Niya ang lahat ng aking mga kasalanan.
   Pagbangon (pagkabuhay na muli) - Binigyan Niya ako ng _____ _____ at buhay-na-walang-hanggan.
3. Sa pamamagitan ng pagbabautismo ipinakikita ko ang aking _____ sa pagsunod kay Cristo at _____ sa Kanya.

TANONG-4: Anong mga bagay ang kasali sa pagiging alagad ni Cristo?

PALIWANAG: *Kapag ang isang tao ay tinanggap si Jesus na kanyang Tagapagligtas, siya a tinatawag ni Cristo na maging alagad Niya. Ano ang kahulugan ng "alagad"?*

***Alagad* ("Disciple')** - *Ang taong tinuturuan at inuutusan ng kanyang panginoon or guro (**Webster**); Latin - **"discipulus"** - root word **"disco"** - to learn.*

HALIMBAWA: *Paano nagiging maestro ng arnis ang isang tao?*
- *Magbabasa ng aklat tungkol sa arnis?*
- *Magsasanay sa ilalim ng isang maestro ng arnis bilang alagad niya?*

BABASAHIN-5

Juan 2:11

PALIWANAG: *Sa isang kasalan at handaan nasaksihan ng mga alagad ang unang kababalaghan ni Jesus nang Kanyang ginawang alak ang tubig. Naging mga alagad sila ni Jesus nang sila'y nanalig sa Kanya. Hindi ka maaring maging alagad ni Cristo kung hindi ka muna mananalig sa Kanya. Kung hindi ka nananalig sa Kanya, hindi ka matututo sa mga ituturo Niya sa iyo.*

Taga Efeso 4:13

PALIWANAG: *Tinatawagan ka ni Cristo na maging alagad Niya upang turuan ka Niya na maging kamukha Niya.*

Juan 13:34-35

PALIWANAG: *Ang mga maestro ng arnis ay mayroong isang magaling na teknik na siya ang pinakamahusay gumawa at magturo. Kapag ito'y iyong natutuhang gawing mahusay, makikilala ka ng ibang mga tao na isang alagad ng iyong maestro. Gayon din ang mga alagad ni Jesus na tinuruan Niya ng Kanyang teknik. Ganito makikilala ang mga alagad Niya, kung sila'y nagiibigan na katulad ng pagibig ni Cristo sa kanila.*

BABASAHIN-6
Lucas 4:18-19

Mateo 4:23-24

PALIWANAG: *Ang ministeryo ni Cristo dito sa lupa ay mga ito:*

a. *Pangangaral ng Mabuting Balita*
b. *Pagpapalaya ng mga bihag*
c. *Pagpapagaling ng mga may sakit*
d. *Pagbibigay ng kaluwagan sa mga inaapi*
e. *Pagbabalik ng kasiyahan ng Dios sa mga nahiwalay*

BABASAHIN-7
Lucas 4:1, 14

Mga Gawa 10:38

PALIWANAG: *Dahil sa pagpuspos ng Banal na Espirito kay Jesus naging makapangyarihan ang Kanyang ministeryo sa mga tao. Kailangan ding mapuspos nang katulad Niya ang Kanyang mga alagad upang ang kanilang ministeryo ay maging katulad din noong kay Cristo.*

BABASAHIN-8
1 Juan 2:27

2 Taga Corinto 3:18

PALIWANAG: *Kailangan ng mga alagad ni Cristo na manalig sa Banal na Espirito sa lahat ng mga bagay, lalo na sa pagbabago ng kanilang ugali.*

LIWANAG-4: ANG ALAGAD AY _____ NA MAGING KATULAD NI CRISTO.

1. Katulad Niya na may _____ _____.
2. Katulad Niya sa _____ ng mga _____.
3. Katulad Niya sa _____ sa Banal na Espirito.

BABASAHIN-9
Taga Efeso 4:11-16

PALIWANAG: *Binigyan ni Cristo ang Kanyang iglesia ng iba't-ibang mga kaloob-ministeryo (apostol, propeta, ebanghelista, pastor at guro) upang ihanda sa paglilingkod, paunlarin at gawing ganap kay Cristo ang iglesia.*

BABASAHIN-10
Mga Gawa 2:42

PAGUSAPAN: *Bakit kailangang sumapi sa iglesia ang mga nanampalataya kay Cristo?*

BABASAHIN-11
1 Taga Corinto 12:7, 11-12

PALIWANAG: *Ang mga kaloob ng Banal na Espirito sa bawat kaanib ay para sa ikabubuti ng lahat.*

LIWANAG-5: ANG MGA ALAGAD AY _____ SA PULUTONG NG IGLESIA:

1. Upang sila'y _____ sa pagiging ganap kay Cristo.
2. Upang sila'y _____ na magkakasama sa pagkakaibigan.
3. Upang gamitin ang kaloob ng Espirito sa _____ sa isa't-isa.

BABASAHIN-12
1 Juan 2:15-17

PALIWANAG: *Ang mga alagad ay hindi iibig ng mga bagay na mahalaga sa sanglibutan:*

a. *Masasamang hilig ng laman*
b. *Nakakaakit sa paningin*
c. *Karangyaan sa buhay*

Taga Roma 12:2

PALIWANAG: *Ang mga alagad ay hindi aayon sa takbo ng mundo, kundi sila ay magbabago ng kanilang isipan.*

BABASAHIN-13
Mateo 6:31-33

PALIWANAG: *Sinabi ni Jesus, "Unahin ninyo ang kaharian ng Dios at ang Kanyang katuwiran at hindi kayo magkukulang sa lahat ng inyong pangangailangan."*

BABASAHIN-14
Lucas 14:26-27, 33

PAGUSAPAN: *Bakit sinabi ni Jesus na hindi tayo makasusunod sa Kanya kung hindi tayo mamumuhi sa ating pamilya?*

PAGISIPAN: *Kung hindi natin uunahin si Jesus sa ating buhay, hindi tayo maaring umibig nang tama sa ating pamilya. Kapag inuna natin ang ating relasyon sa Panginoon, gagawin Niya tayong tunay na mapagmahal sa ibang tao.*

BABASAHIN-15
Mateo 16:24-26

PAGUSAPAN: *Ano ang ibig sabihin ni Jesus na ang sinomang ibig sumunod sa Kanya ay kailangang pasanin ang kanyang sariling krus?*

PAGISIPAN: *Ang pagsuko natin sa kalooban ng Dios ay karaniwang palaban sa ating sariling pagnanais. Kaya nga, sa tuwing tayo'y susunod kay Jesus, magkakaroon ng paglalaban sa ating isipan. Kailangang handa tayong harapin ang ating sariling pagtutol sa tamang gawa at ang kasakitan ng ating damdamin kung hindi masusunod ang ating kagustuhan. Kung susunod tayo*

kay Jesus, humanda tayong isuko ang lahat ng ating mahal sa buhay. Ating mauunawaan na ang mga bagay na ating iiwan upang sundin si Jesus ay talagang walang kahalagahan sa kaharian ng Dios.

LIWANAG-6: ANG ALAGAD AY TUTURUANG _____ NGAYON ANG KATUNAYAN NG KAHARIAN NG LANGIT DITO SA _____.

1. Matututuhan kong _____ para sa aking buhay kung ano ang mahalaga sa kaharian ng Dios.
2. Matututuhan kong gawing _____ sa buhay ko ang kaharian ng Dios.
3. Matututuhan kong ibigin si Jesus na _____ sa lahat ng tao.
4. Matututuhan kong ibigin si Jesus na higit sa lahat ng mga _____ ko.

PALIWANAG: *Ano ang gusto mong matamo sa buhay mo? Tagumpay? Kasikatan? Kayamanan? Mga pagaari? Ano man iyon, hindi maaring matamo mo ito na hindi mo papalitan ng bagay na mahalaga sa iyo. Kailangan mong bayaran ito. Sa katapusan ba ay magiging mas mahalaga ang ating natamo kaysa ating ipinagpalit? Sinabi ni Jesus na kailangan nating bilangin ang halaga ng pagsunod sa Kanya. Sa ating pagkuwenta, anong sistema ng kahalagahan ang ating gagamitin? Kahalagahan ng mundo o kahalagahan ng kaharian ng Dios?*
Kung tayo'y susunod kay Jesus, kailangang kahalagahan ng kaharian ang ating dapat maging patnubay. Ito'y kabaliktaran sa patakaran ng mundo. Ang sinomang maghangad na iligtas ang kanyang buhay ay siyang mawawalan nito. Marai ang ipinagpapalit ang kanilang kaluluwa upang makamit ang mga bagay na hindi magtatagal. Ano ang mapapakinabang ng isang tao kahit makamtan niya ang buong daigidig kung mawawaglit naman ang kanyang buhay?

Jim Elliott - Isang Americanong misyonero sa Amazon River na pinatay ng mga taong gubat. Bago siya nagpunta sa misyon ay kanyang isinulat sa journal niya ito: "Hindi mangmang ang sinomang ipagpapalit ang isang bagay na hindi niya maaring itago upang makamit ang isang bagay na hindi maaring makuha pa sa kanya."

TANONG-5: Ano ang hinaharap ng mga alagad ni Jesus?

BABASAHIN-16
Juan 14:1-3

PALIWANAG: *Ipinangako ni Jesus sa Kanyang mga alagad na Siya'y magbabalik kapag naihanda na Niya ang lahat upang makasama Niya sila.*

BABASAHIN-17
I Taga Corinto 15:50-55

1 Taga Tesalonica 4:13-17

PAGUSAPAN: *Ano ang mangyayari sa katawan ng alagad ni Cristo sa Kanyang pagbabalik sa lupa?*

BABASAHIN-18
Pahayag 21:1-4

PAGUSAPAN: *Ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa tahanan ng Dios at ng Kanyang bayan kapag ang daigdig ay binago na ng Dios?*

LIWANAG-7: ANG ALAGAD AY SABIK NA _____ SA MULING _____ NI CRISTO DITO SA LUPA.

1. Ipinangako ni Cristo na Siya'y _____ ko magpakailan man.
2. Ipinangako ni Cristo na ako'y magkakaroon ng bagong katawan na _____.

3. Ipinangako ni Cristo na ako'y magkakaroon ng bagong _____.

MAGANDANG BALITA NG KAHARIAN – 9

Ako'y iniligtas ng Panginoon hindi lamang upang maiwasan ko ang impiyerno, kundi upang ibalik ako sa katuparan ng Kanyang dakilang layunin para sa sangkatauhan – ang mamahala sa lupa. Sa halip ni Adan na nagkasala, si Cristo na nagtagumpay ang kasama ko ngayon na maghahari. Matapos akong ibalik sa tamang katayuan sa Kanyang kaharian, ako'y tinawag ni Cristo na maging Kanyang alagad. Bilang isang alagad Niya, tinuturuan Niya ako, sinasanay at inihahanda Niya ako para matupad ko ang aking mga maharlikang pananagutan sa kaharian Niya sa buhay ko ngayon dito sa lupa at sa darating pang walang-hanggang panahon. Sa aking paghahanda, pasulong at pataas ang pagtatalaga ng buhay ko sa Kanya, hanggang maging Siya lamang ang pinaka-una sa akin, higit sa lahat ng mga bagay na aking pagaari.

PAGLAPIT SA KAHARIAN – 9

KAILANGAN KONG MAGING ALAGAD NI CRISTO UPANG MAIHANDA NIYA AKO SA MAHARLIKANG BUHAY NA KANYANG ITINAKDA PARA SA AKIN.

PALIWANAG: *Pagtanggap ko kay Jesus, ako'y tatawagin Niya rin na maging alagad Niya, upang ako'y turuan na gumawa ng Kanyang mga gawa at maging katulad Niya. Kung tutugunin ko ang Kayang panawagan, tutulungan Niyang unahin ko Siya lagi sa aking buhay, hanggang wala nang mahalaga pa sa akin kundi Siya. Pipiliin kong iwanan ang lahat para sa Kanya, pati ang buhay ko, sapagkat magaganap ko lamang ang aking maharlikang takdang-buhay kung iiwanan ko ang aking buhay.*

NATUTUHAN KO

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at bilugan ang inyong sagot (S-Segurado, H-Hindi, M-Medyo).

1. Nauunawaan ko na iniligtas ako ng Dios hindi lamang upang maiwasan ang impiyerno, kundi para sa isang mas dakilang layunin. **S H M**
2. Nauunawaan ko na nais ng Dios na ibalik ako sa Kanyang layunin sa paglalang Niya sa tao. **S H M**
3. Nauunawaan ko na ako'y tinawag na maging alagad ni Cristo upang maging katulad Niya at maging handa na maghari na kasama Niya. **S H M**
4. Nauunawaan ko na ang pagiging alagad ni Cristo ay babaliktarin ang buhay ko at aking iiwanan ang lahat upang sumunod sa Kanya. **S H M**

GAGAWIN KO NGAYON

(Check)

___ Naniniwala ako na mayroon akong malualhating takdang-buhay na kasama ni Jesus sa Kanyang kaharian.

___ Naniniwala ako sa pangako at pagnanais ni Cristo na makarating namuli upang magkasama kami sa bagong lupa.

___ Nais kong ipag talaga ang aking buhay kay Cristo at iwanan ang lahat upang sumunod sa Kanya.